# E-LIBRARY: SUSI SA MODERNISASYON NG EDUKASYON

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Maniniwala ka ba na libo-libong mga libro ang maaari mong mabasa nang hindi kinakailangang manghiram sa mga pampublikong aklatan? Hindi na iyan isang teorya lamang sapagkat bunga ng mabilis na pagyabong ng teknolohiya ay ang pag-usbong ng mga digital na aklatan o tinatawag ding e-library. Malayo sa tradisyonal na mga libro na kailangan pang hiramin at bitbitin ang porma ng e-library. Dito kasi, internet lamang ang kinakailangan at mayroon ka nang walang hanggang access sa mga materyales at online resources (Patrolla, 2022). Papasa nga kaya ito bilang pamalit sa nakasanayang aklatan?

Ang e-library ay isang indikasyon ng papaunlad na antas ng edukasyon sapagkat ibig lamang sabihin nito ay nakasasabay sa bilis ng teknolohiya ang isang paaralan. Ito ang itinuturong susi upang mas magkaroon ng pagkakataong matuto kahit na ang mga mag-aaral na nasa malalayo at liblib na lugar. Malaking bagay din na madali ang pananaliksik at paghahanap ng iba't ibang nailathalang sulatin para sa mga gawain sa eskwelahan. Sa parte ng mga guro, ang e-library ay kapaki-pakinabang sa pagpapalawak ng mga aralin. Hindi na lamang mga simpleng teksto mula sa mga limitadong pagkukunan ang mailalagay sa mga lesson plan at presentasyon sa klase. Maraming mapagkukunan tulad na lamang ng Deped Learning Portal.

Kung titingnan ang mas malaking larawan, isa rin sa itinataguyod ng e-library ay ang mas kontroladong pagbabasa at muling pagkahilig sa gawaing ito (Bhatia, 2023). Kapansin-pansin kasi na maraming kabataan ang hindi na nahihilig sa pagbabasa. Sa katunayan, isang pag-aaral ang nailathala noong 2018 kung saan ay tila mababa ang kaalaman sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa Pilipinas. Sa isang bansa na mataas ang

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

literacy rate, ito ay hindi magandang balita. Kaya naman malaking tulong ang e-library upang mas mahikayat ang kabataan na mahalin ang pagbabasa sa kabila ng napakaraming bagay na nakakukuha ng kanilang atensyon.

Sa kabila ng napakagandang tulong ng e-library, isa sa mga kinakaharap na hamon ng implementasyon nito ay ang kakulangan sa mga kagamitan na maaaring gamitin ng mga paaralan upang magkaroon sila ng ganito. Maraming paaralan din ang walang sapat na pasilidad upang paglagakan ng mga kompyuter at iba pang kasangkapang kinakailangan sa pagbuo ng e-library. Sa kabila nito, nananatiling matatag sa layunin ang kagawarang pang-edukasyon na mas iangat pa ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng mga proyekto nito tulad ng pagpapatayo ng mga e-learning hub na sana ay makarating pa sa mga liblib at malalayong lugar sa pagdaan ng panahon.

Bukod sa mga pasilidad at kagamitan, isa rin sa mga kinakailangan ay ang patuloy na pagsasanay sa mga guro upang maging maalam sa pagpapatakbo ng e-library. Oras na magkaroon ang mga paaralan nito, kinakailangan ang mga patakaran ang balangkas ng kung paano makakamit ang mithiing mas mataas na kalidad ng pagkatuto gamit ang teknolohiya.

Madaming aspeto ang kailangang bigyang-pansin upang tuluyang makamit ang modernisasyon sa mga paaralan sa bansa. Unti-unti ay nakikita natin ang malaking pagbabago na dulot ng teknolohiya tulad na lamang ng e-library na ito. May ilan mang hamon at mga konseptong kailangan pang gawan ng mas matibay na estruktura, mananatiling nakakapit ang mga guro sa misyong palaguin ang kaalaman at pag-ibayuhin ang edukasyon kasabay ng modernisasyon nito. Hindi mahuhuli ang Pilipinas pagdating sa kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa mga susunod na henerasyon, magiging mas mahusay ang mga kabataan nito dahil na rin sa mga e-library at iba pang inisyatibong ang layunin ay bigyang-lakas ang mga mag-aaral na Pilipino.

*References:*

Patrolla, J. (2022). Pagkakaroon ng online library, isinusulong ng isang senador. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.dwiz882am.com/index.php/pagkakaroon-ng-philippine-online-library-isinusulong-ng-isang-senador/

Bhatia, B. (2023). What is E-Library: Importance Of Digital Library For Students. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://noida.globalindianschool.org/blog-details/what-is-e-library-importance-of-digital-library-for-students

OECD (2019). Programme for International Students Assessment (PISA) Results 2018. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.oecd.org/pisa/publications/PISA2018_CN_PHL.pdf

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan